



Sa pahinang ito

- [Mga paghihigpit sa pagbibiyaha](#)
 - [Update tungkol sa paghiling ng pahintulot mula sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha sa Australia](#)
 - [Mga kategorya ng may pahintulot](#)
 - [Mga indibidwal na pahintulot](#)
 - [Mga mahabagin at kapani-paniwalang dahilan para magbiyahe](#)
 - [Mag-apply ng pahintulot online](#)

Mga paghihigpit sa pagbibiyaha

May ipinatutupad ang Australia na mahihigpit na hakbang sa mga border para protektahan ang kalusugan ng komunidad sa Australia. Available sa kasalukuyan ang napakalimitadong bilang ng mga flight papunta at palabas ng Australia at maaaring hindi ka makapagbiyahe sa panahong ito. Maaaring magbago ang mga paghihigpit sa pagbibiyaha. Regular na tingnan muli. Tingnan ang: [Pahayag sa media ng Pambansang Gabinete](#).

Lahat ng biyaherong dumarating sa Australia, kabilang ang mga mamamayan ng Australia, ay kailangang mag-quarantine nang 14 na araw sa isang itinalagang pasilidad, tulad ng isang hotel sa kanilang port ng pagdating. Tingnan ang [Payo para sa mga biyahero kaugnay ng coronavirus \(COVID-19\)](#). Maaaring kailangan mong bayaran ang mga gastusin sa iyong pag-quarantine. Para alamin pa ang tungkol sa mga kailangan sa pag-quarantine, makipag-ugnayan sa kaugnay na [departamento ng kalusugan ng gobyerno ng estado o teritoryo](#).

Hindi ka puwedeng pumunta sa Australia maliban kung kabilang ka sa kategorya ng may pahintulot o nabigyan ka ng indibidwal na pahintulot sa kasalukuyang mga paghihigpit sa pagbibiyaha.

Update tungkol sa paghiling ng pahintulot mula sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha sa Australia

Mas pinapadali namin ang pagsusumite at pagsubaybay sa iyong kahilingan para sa pahintulot sa pagbibiyaha na may bagong binuong platform sa paghahatid ng serbisyo batay sa layunin. Nagbibigay ang bagong portal ng pahintulot sa paghihigpit sa pagbibiyaha ng iba't ibang benepisyo, kabilang ang:

- functionality na madaling gamitin ng user
- kaagad na pagkilala sa iyong kahilingan
- madaling ilakip at i-update ang mga pansuportang dokumento
- puwedeng i-link ang mga kahilingan ng grupo at pamilya
- puwede mong subaybayan ang progreso ng iyong kahilingan
- kagyat na abiso kapag nagkaroon na ng desisyon.

Kung nagsumite ka ng iyong aplikasyon bago nailunsad ang bagong portal noong Biyernes, Hulyo 17, 2020, isasapinal namin ang iyong kahilingan bago matapos ang 5pm, Biyernes, Hulyo 31, 2020, Australian Eastern Standard Time. Kung nagsumite ka bago ang Hulyo 17, 2020, at hindi nakarinig ng balita mula sa amin, magsumite ng isa pang kahilingan at makikipag-ugnayan kami sa iyo tungkol sa iyong aplikasyon.

[Mag-apply ng pahintulot sa pagbibiyahe](#)

Mga kategorya ng may pahintulot

Awtomatiko kang may pahintulot mula sa mga paghihigpit sa pagbibiyahe at puwedeng pumasok sa Australia (nang hindi kumukuha ng indibidwal na pahintulot) kung ikaw ay:

- [isang mamamayang Australyano](#)
- [isang permanenteng residente ng Australia](#)
- [isang malapit na miyembro ng pamilya ng isang mamamayang Australyano o permanenteng residente](#)
- [isang mamamayan ng New Zealand na karaniwang residente ng Australia](#) at kanilang malalapit na miyembro ng pamilya
- isang diplomat na akreditado sa Australia (mayroong subclass 995 visa)
- [isang biyaherong magta-transit sa Australia sa loob ng hindi lalampas sa 72 oras](#)
- [tauhan ng airline](#)
- tauhan ng barko kabilang ang mga kapitan ng barko.
- nakalap sa ilalim ng Seasonal Worker Program o Pacific Labour Scheme na inaprubahan ng Pamahalaan

Kailangan mong magdala ng katunayan na nakatutugon ka sa isa sa mga kategorya sa itaas kapag nagbibiyahe. Maaaring humingi ng karagdagang katunayan.

Mga indibidwal na pahintulot

Maaari kang bigyan ng Commissioner ng Australian Border Force ng indibidwal na pahintulot kung ikaw ay:

- hindi isang mamamayan na nagbibiyahe dahil sa imbitasyon ng Pamahalaan ng Australia o ng isang awtoridad ng pamahalaan ng estado o teritoryo para sa layunin na tumulong sa pagtugon laban sa COVID-19
- nagbibigay ng mahahalaga o espesyal na medikal na serbisyo, kabilang ang air ambulance, mga medikal na paglikas at paghahatid ng mahahalagang medikal na supply

- hindi isang mamamayan na may [mahahalagang kasanayan](#) o nagtatrabaho sa isang mahalagang sektor sa Australia
- hindi isang mamamayan na ang pagpasok ay dulot ng isang pambansang interes, na sinusupportahan ng Pamahalaan ng Australia o isang awtoridad ng pamahalaan ng estado o teritoryo
- tauhan ng hukbong sandatahan, kabilang iyong mga bumubuo ng Status of Forces Agreement, Commonwealth Armed Forces, Asia Pacific Forces at Status of Armed Forces Agreement
- nagbibiyaha para sa mga mahabagin at kapani-paniwalang dahilan.

Kailangang mayroon kang visa at may pahintulot sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha sa Australia bago ka magbiyahe. Puwede kang humiling ng pahintulot online at kailangang magbigay ng angkop na katunayan na susuporta sa iyong mga pahayag. Maaaring isapinal ang mga kahilingan nang walang karagdagang pagsasaalang-alang kung nagbigay ng hindi sapat na katunayan. Kailangang opisyal na nakasalin sa Ingles ang lahat ng dokumento.

Kailangan mong mag-apply ng pahintulot nang hindi bababa sa dalawang linggo, ngunit hindi hihigit sa tatlong buwan, bago ang iyong naplanong pagbibiyaha.

Kailangang kabilang sa iyong kahilingan ang:

- mga detalye ng biyahero: pangalan, petsa ng kapanganakan, uri ng visa at numero, numero ng pasaporte
- panukalang residensyal na tirahan at numero ng telepono sa Australia
- mga dahilan mo sa pagpunta: bakit kailangan kang bigyan ng pahintulot
- isang pansuportang pahayag: paglalahad kung paano mo natutugunan ang isa sa mga batayan para sa isang pahintulot
- mga kaugnay na katunayan.

Kung **hindi** ka nabigyan ng pahintulot, hindi mo dapat ipagpatuloy ang iyong mga plano sa pagbibiyaha, dahil hindi ka papayagang makasakay ng eroplano papunta sa Australia. Kung binigyan ka ng pahintulot na makapagbiyahe, kailangan mong dalhin ang katunayan ng desisyon sa pagbibigay ng pahintulot na iyon sa paliparan.

Mga mahabagin at kapani-paniwalang dahilan para magbiyahe

Maaari kang bigyan ng pahintulot ng Commissioner ng Australian Border Forces kung ninanais mong magbiyahe para sa mga mahabagin at kapani-paniwalang dahilan. Kabilang sa mga mahabagin at kapani-paniwalang dahilan, ngunit hindi limitado sa, pangangailangang magbiyahe dahil sa pagkamatay o malalang karamdaman ng isang malapit na miyembro ng pamilya.

Kailangang mayroon kang visa at may pahintulot sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha sa Australia bago ka magbiyahe. Puwede kang humiling ng pahintulot online at kailangang magbigay ng angkop na katunayan na susuporta sa iyong mga pahayag. Maaaring isapinal ang mga kahilingan nang walang karagdagang pagsasaalang-alang kung

nagbigay ng hindi sapat na katunayan. Kailangang opisyal na nakasalin sa Ingles ang lahat ng dokumento.

Kung maaari, kailangan mong mag-apply ng pahintulot nang hindi bababa sa dalawang linggo, ngunit hindi hihigit sa tatlong buwan, bago ang iyong naplanong pagbibiyaha. Kung magbibiyaha ka dahil sa pagkamatay o malalang karamdaman ng isang malapit na miyembro ng pamilya, puwede kang mag-apply sa loob ng panahong ito at uunahin namin ang iyong aplikasyon.

Kung **hindi** ka nabigyan ng pahintulot, hindi ka dapat magpatuloy sa iyong mga plano sa pagbibiyaha, dahil hindi ka papayagang makasakay ng eroplano papunta sa Australia. Kung binigyan ka ng pahintulot na makapagbiyaha, kailangan mong dalhin ang katunayan ng desisyon sa pagbibigay ng pahintulot na iyon sa paliparan.

Mag-apply ng pahintulot online

Kailangan mong mag-apply ng pahintulot nang hindi bababa sa dalawang linggo, ngunit hindi hihigit sa tatlong buwan, bago ang iyong naplanong pagbibiyaha.

Para kumpletuhin ang kahilingan sa pahintulot sa pagbibiyaha, kailangang mayroon kang visa at kailangan mong magbigay ng impormasyon at mga dokumento para suportahan ang iyong kahilingan. Maaaring isapinal ang mga kahilingan nang walang karagdagang pagsasaalang-alang kung nagbigay ng hindi sapat na katunayan. Maaaring kabilang dito ang sumusunod:

- katunayan ng pagkakakilanlan
- katunayan na mayroon kang may bisang visa
- itineraryo ng pagbibiyaha
- (mga) katibayan ng kasal, kapanganakan, pagkamatay
- katunayan ng relasyon o paninirahan (tulad ng kasunduan sa magkasamang pangungupahan, joint bank account, atbp.)
- sulat mula sa isang doktor o ospital na nagpapahayag kung bakit kailangan ang pagbibiyaha
- sulat mula sa isang employer na nagpapahayag kung bakit kailangan ang pagbibiyaha
- sumusuportang sulat mula sa isang negosyo o ahensya ng pamahalan, na nagpapayo kung bakit mahalaga ang iyong mga kasanayan
- [deklarasyon ayon sa batas](#) para suportahan ang iyong mga pahayag.

Huwag magsumite ng maraming kahilingan para sa isang biyahero, dahil ang pinakahuling kahilingan lamang ang ipoproceso.

Hindi ginagarantiya ng pagkuha ng pahintulot sa pagbibiyaha na makakakuha ka ng flight papunta sa Australia sa panahong ito.

[Mag-apply ng pahintulot sa pagbibiyaha](#)